www.xtrapapers.com

M12/2/A2PIL/HP1/TGL/TZ0/XX

22122049

International Baccalaureate®
Baccalauréat International
Bachillerato Internacional

**PILIPINO A2 – HIGHER LEVEL – PAPER 1**
**PILIPINO A2 – NIVEAU SUPÉRIEUR – ÉPREUVE 1**
**FILIPINO A2 – NIVEL SUPERIOR – PRUEBA 1**

Thursday 10 May 2012 (morning)
Jeudi 10 mai 2012 (matin)
Jueves 10 de mayo de 2012 (mañana)

2 hours / 2 heures / 2 horas

INSTRUCTIONS TO CANDIDATES

- Do not open this examination paper until instructed to do so.
- Section A consists of two passages for comparative commentary.
- Section B consists of two passages for comparative commentary.
- Choose either Section A or Section B. Write one comparative commentary.
- The maximum mark for this examination paper is *[30 marks]*.

INSTRUCTIONS DESTINÉES AUX CANDIDATS

- N'ouvrez pas cette épreuve avant d'y être autorisé(e).
- La section A comporte deux passages à commenter.
- La section B comporte deux passages à commenter.
- Choisissez soit la section A, soit la section B. Écrivez un commentaire comparatif.
- Le nombre maximum de points pour cette épreuve d'examen est *[30 points]*.

INSTRUCCIONES PARA LOS ALUMNOS

- No abra esta prueba hasta que se lo autoricen.
- En la Sección A hay dos fragmentos para comentar.
- En la Sección B hay dos fragmentos para comentar.
- Elija la Sección A o la Sección B. Escriba un comentario comparativo.
- La puntuación máxima para esta prueba de examen es *[30 puntos]*.


© International Baccalaureate Organization 2012

www.xtrapapers.com



*Piliin ang alinman sa Seksyon A **o** Seksyon B.*

**SEKSYON A**

*Suriin at paghambingin ang mga sumusunod na teksto.*

*Talakayin ang pagkakahawig at pagkakaiba ng mga teksto at ang kanilang tema. Isama sa komentaryo ang mga paraan ng mga awtor sa paggamit ng mga elemento tulad ng istruktura, tono, imahe at iba pang istilistikong pamamaraan para iparating ang kanilang mga layon.*

**Teksto 1**

*Introduksiyon*: Ang sumusunod ay sipi mula sa maikling kuwento tungkol kay Ronaldo na isang *photo-journalist* mula sa Maynila, at si Alice na isang Pilipinang ipinanganak at lumaki sa Hawaii. Sa Binibining Pilipinas-Hawaii *beauty pageant* kung saan si Alice ang nagwagi, nagkakilala ang dalawa at nagkagustuhan kaagad. Noong gabi bago umalis ng Hawaii si Ronaldo, nagkita sila ni Alice at sa buhanginan sa dalampasigan, sa ilalim ng bilog na buwan, sila'y nagtalik. Ang sumusunod ay pagwawakas ng kuwento, kinabukasan, pagkatapos ng kanilang pagtatalik sa dalampasigan.

**Mga Bakas sa Buhangin**

Namimigat ang katawan ni Ronaldo. Ngunit kailangan niyang bumangon. Ang tanggapan ng pahatiran[1] ang una niyang tinungo. Nagpadala siya ng kable sa kanilang pasulatan sa Maynila. *Mamayang gabi lipad Fiji.*

At nang magdaan sa may dalampasigan ang sinasakyan niyang bus ay umibis siya. Natukso siyang dalawin ang dakong kinaroroonan nila ni Alice nang nagdaang gabi.

Hinanap niya ang mga bakas, kahit ng kanilang mga paa lamang. Wala siyang natagpuan. Minasdan niya ang dakong sumaksi sa pagsasarili nila ni Alice kagabi. Wala siyang mabakas. Nag-ibayo ang kanyang pagkabaghan[2] kay Alice: waring hindi siya nakahanda, sa kanyang pagiging lalaki; sa kanyang pagiging sibol sa bagong panahon.

Pinanood niyang humalik ang mga alon sa buhanginan, at nasaksihan niya kung paano pinatag niyon ang dakong gumawa ng bakas nila. At namulat siya sa katotohanang magkakaroong muli roon ng mga bakas… ng iba. At muling hahagkan ng mga alon, at magpapabalik-balik ang iba't ibang alaala, tulad ng mga gunita ngayon sa kanyang dibdib, na alam niyang walang puwang na mabuhay sa kanyang pag-iisa. At natitiyak niyang lalong walang iiwang gunita sa nakatalik niya.

Mabilis ang pagtaas-pagbaba ng kanyang mga paa sa buhangin, pabalik sa dako ng dalampasigan…

Bahagi ng maikling kuwento ni Liwayway Arceo, *Katha* (1994)

---

[1] pahatiran: *telegraph office*, opisina kung saan puwedeng magpadala ng telegrama sa malayong bansa

[2] pagkabaghan: pagkamangha, pagkagulat

www.xtrapapers.com



**Teksto 2**

## Three O'Clock in the Morning[1]

Ito'y isang salon[2],
malaki't maluwag, magara't makintab.
Ang bombilyang may ginto, may pilak,
sa bubungang asul ay nagkislap-kislap.
Dito'y may orkestra, sa ragay ng tambol at linggal ng *Jazz*[3],
ang mga talulot sa gitna ng salon nagising na lahat.
Saka, samantalang ang bawa't pareha ay lilipad-lipad,
sa kintab ng sahig, ang kanilang puso ay naaanag-ag[4].

Mga puso yaong
kung di naglalaro'y nagsisinungaling;
gaya ng pabangong sumama sa hangin,
ang pag-ibig nila'y di dapat hintayin!
Sa gitna ng salon, ang boses ng tanso ay tumataginting,
sinusundan-sundan ang apat na paang salit kung maglambing.
Saka, samantalang ang mga bombilya'y nag-aantok mandin
ay may isang halik na di naitago ng k'werdas ng b'yolin.

Ikatatlo noon
ng madaling araw… Sa salong marikit
na pinagsayawan ng puso't pag-ibig,
ang dating orkestra'y di na naririnig.
Ngunit samantalang ang huling bombilya'y kusang pumipikit
sa ulilang salon, ang isang dalaga'y luhaang nagbalik,
at saka sa dilim ng gabing mapanglaw, matapos humibik[5],
baliw na nga yatang hinahanap-hanap ang puring nawaglit[6]!

Tula ni Cirio H. Panganiban, *Panitikan Para Sa Dalubhasaan I* (1979)

---

[1] Three O'Clock in the Morning: Alas Tres ng Madaling-Araw
[2] salon: bulwagan, o *dancing hall*
[3] ragay ng tambol at linggal ng *Jazz*: ritmo ng tambol (*drums*) at ingay ng *Jazz*
[4] naaanag-ag: nababakas o nakikita na parang liwanag ng kandilang aandap-andap
[5] humibik: dumaing, umiyak
[6] nawaglit: nakalimutan, napabayaan, nawala

www.xtrapapers.com



## SEKSYON B

*Suriin at paghambingin ang mga sumusunod na teksto.*

*Talakayin ang pagkakahawig at pagkakaiba ng mga teksto at ang kanilang tema. Isama sa komentaryo ang mga paraan ng mga awtor sa paggamit ng mga elemento tulad ng istruktura, tono, imahe at iba pang istilistikong pamamaraan para iparating ang kanilang mga layon.*

**Teksto 3**

### Buwan ng Wika Bilang Pambansang Ritwal

Patuloy pa ring isang sapot ang maraming tanong tungkol sa tunay na kahulugan, esensiya, kahalagahan at papel ng pagdiriwang ng buwan ng wika. Ano talaga ang rasyonal o kahalagahan ng pagdiriwang na ito?

Sa mababaw at biglaang pagtingin ay maganda, mahalaga at kapaki-pakinabang at ipinagbubunyi ang sariling atin. Ngunit sa malalimang pagtingin ay tila isang pambansang ritwal lamang ito. Ibig sabihin, ito'y paulit-ulit lamang ginagawa at dahil sa katagalan o palagiang pagsasagawa ng isang ritwal, unti-unti itong lumalayo sa puso ng mga taong gumaganap ng ritwal.

Maraming nagsasabing ang pagdiriwang ng buwan ng pambansang wika ay para sa pagpapaunlad nito. Paano ito uunlad kung sa loob lamang ng isang buwan bibigyang halaga?

Ang tunay na pagpapahalaga at pagdiriwang sa wika ay ang paglampas o pag-angat nito sa mundo ng mga usaping pambansa. Sa mababaw na pagtingin, kapag sinabing “pambansa”, nagbibigay ito ng identidad ng bansa, pinapahalagahan at iginagalang. Ngunit sa malalim na pagsusuri muli, kapag nilagyan ng “pambansa” ang anumang bagay, tila nagiging simbolo na lamang ito at hindi aktibong lumalago sa gitna ng lipunan.

Ang pambansang hayop ay KALABAW. Dahil ito ba ang simbolo ng bansang agrikultural?

Ang pambansang ibon ay AGILA. Dahil ito ba ay simbolo ng kapangyarihan at lakas?

Ang pambansang damit ay BARONG/SAYA. Sinusuot lamang ito sa mga kasal, pormal na okasyon, kung panauhing pandangal ka, paparangalan ka o kung ibuburol ka. Hindi ito ang pang-araw-araw na damit ng mga Pilipino. Simbolo lamang ito ng mga kasuotang Pilipino.

Ang pambansang bulaklak ay SAMPAGUITA. Makikita lamang ito sa rebulto ng mga santo, kaunti sa jeep, higit sa lahat ito ang bulaklak na nakalagay sa ibabaw o gilid ng mga ataol dahil simbolo ito ng puting mabangong pagmamahal.

Ang pambansang BANDILA ay ang asul, pula, puti, dilaw na may araw at tatlong bituin. Makikita ito sa tuktok ng mga flagpole. Itinataas sa umaga at ibinababa sa hapon. Dumarami lamang ang display ng pambansang bandila tuwing Hunyo 12 bilang pagdiriwang at paggunita sa kalayaan. Hindi pa nga lahat ng establisimyento ay may display na bandila. Tela lamang itong simbolo ng Pilipinas. Iginagalang, inaalagaan at itinatabi.

Ang pambansang awit ay LUPANG HINIRANG. Kinakanta lamang ito tuwing flag ceremony, pagbubukas ng palatuntunan, last full show sa mga sinehan at sign off ng mga estasyon sa TV. Hindi ito pinapalitan, hindi ito basta kinakanta, dapat nakatayo ka kapag narinig ang awit na ito. Ipinagbabawal ang pagbalahura o pagbabago ng tempo at melodiya nito.

Ang mga ito ay simbolong Pilipino na gamit sa mga ritwal at paggunita. Tila ang mga ito'y bagay na binigyan na ng tiyak na kahulugan at hindi maaaring mabago. Lumilitaw, makikita, maririnig at pinapahalagahan depende sa okasyon o panahon.

www.xtrapapers.com



Hindi ganito ang gamit at papel ng pambansang wika.

Dapat maiangat ang antas ng pagdiriwang mula sa ritwal tungo sa taunang resolusyong mag-aambag sa tunay na pagpapaunlad sa wika, kaisipan, pangkabuhayan, kapayapaan at pagkakaisang Pilipino.

Ang tunay na pagpapahalaga sa wika ay ang pag-iintelektuwalisa rito sa pamamagitan ng paggamit ng wikang Filipino sa lahat ng antas ng kaalaman at karunungan.

Tama na ang pagtingin sa wika bilang simbolo lamang. Buhayin at isabuhay ang simbolo upang ang pambansang wika ay umangat na sa papel ng pambansang ibon at pambansang bulaklak.

Kapag naganap na ito, makabuluhan na ang pambansang ritwal. Pambansang wika, higit ka pa sa pambansang prutas!

Halaw sa komentaryo ni Dr. Jovy Peregrino, *UP Newsletter Vol. XXXII No. 8* (Agosto 1, 2011)

www.xtrapapers.com



**Teksto 4**

**MEMORANDUM PANGKAGAWARAN Blg. 148, s. 2011**
**BUWAN NG WIKANG PAMBANSA 2011**

Hulyo 1, 2011

Sa mga: Direktor ng Kawanihan
Direktor ng mga Rehiyon
Tagapamahala ng mga Paaralan
Pinuno ng mga Pampubliko at Pribadong Paaralan

1. Bilang pag-alinsunod sa itinakda ng Proklamasyon Blg. 1041, s. 1997 na nagpapahayag ng taunang pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa tuwing Agosto, pangungunahan ng Komisyon ng Wikang Filipino (KWF) ang pagdiriwang sa taong ito na may paksang-diwa na, *"Ang Filipino ay Wikang Panlahat, Ilaw at Lakas sa Tuwid na Landas."*

2. Layunin ng pagdiriwang na ito ang mga sumusunod:
   a. maisakatuparan ang mga tungkulin ng KWF ayon sa itinakda ng Seksiyon XIV, Letrang L ng Batas Pambansa Blg. 7104;
   b. maipatupad ng ganap ang Proklamasyon Blg. 1041 ng Pangulo ng Pilipinas;
   c. maipamalas sa sambayanan ang kahalagahan sa paggunita ng wikang pambansa at ang kasaysayan nito sa ika-75 anibersaryo ng KWF;
   d. ganyakin ang mamamayang Pilipino na makilahok sa patimpalak sa pagsulat ng sanaysay sa wikang Filipino;
   e. masuri at masukat muli ang naisagawa sa implementasyon ng Kautusang Tagapagpaganap Blg. 335; at
   f. maidaos ang kumperensiyang pangwika na ang layunin ay maisapanahon ang mga kaalaman at isyung pangwika.

3. Hinati sa limang lingguhang paksa ang isang buwang pagdiriwang:

| Petsa | Paksa |
|---|---|
| Agosto 1–7 | Pagpapahalaga sa Pambansang Wika |
| Agosto 8–14 | Wika sa Pagpapatupad ng Kaunlaran at Disiplina ng Bayan |
| Agosto 15–21 | Wika ang Instrumento sa mga Patakarang Pangkaunlaran at Pangkatarungan |
| Agosto 22–28 | Wikang Filipino: Tugon sa Malinaw na Programa sa Tuwid na Landas |
| Agosto 29–31 | Wikang Filipino: Tinig ng mga Guro, Tinig ng mga Mag-aaral, Wika ng Kabayanihan |

4. Kalakip nito ang mungkahing Palatuntunan ng mga Gawain para sa isang buwang pagdiriwang.

5. Hinihiling ang maaga at malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

BR. ARMIN A. LUISTRO, FSC
Secretary, Department of Education

*www.deped.gov.ph* (Agosto 26, 2011)